work Safe! Bulletin

Blg. 193
Enero 2003

Ang Karapatan Ninyong Tumanggi sa Mapanganib na Trabaho

Pananagutan at karapatan ng lahat ang kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho. Maaari ninyong tanggihan ang mapanganib na trabaho at pinoprotektahan ng batas ang karapatan ninyong ito.

Mga Panganib sa Lugar ng Trabaho

Sa kahit na anumang panahon ng inyong pagtratrabaho, maaari kayong makatagpo ng trabaho na may mga panganib sa kaligtasan at kalusugan na hindi karaniwan sa sinasabing trabaho. Dapat iulat kaagad sa inyong *supervisor* (tagapangasiwa) ang mga panganib at mapanganib na kalagayan upang maiwasan ang kapinsalaan o pagkakaroon ng sakit. Kadalasan, nalulutas ang kalagayan sa pamamagitan ng pag-alis ng panganib. Kung hindi aayusin ang kalagayan, maaari ninyong gamitin ang inyong karapatan na tanggihan ang trabaho.

Ano ang Karapatan na Tumanggi?

Sa ilalim ng batas, (*Manitoba's Workplace Safety and Health Act*), maaari kayong tumanggi sa anumang gawain na sa paniniwala ninyo, batay sa makatuwiran na dahilan, ay mapanganib sa inyong kaligtasan at kalusugan o sa kaligtasan at kalusugan ng iba. (Ang manggagawa ang magsisimula sa pagtanggi sa trabaho.)

> *Ayon sa Bahagi 43(1) ng Batas:* **"**Maaaring tumanggi o gumawa ng isang tanging trabaho ang isang manggagawa sa lugar ng trabaho kapag naniniwala siya, batay sa makatuwiran na dahilan, na ang trabaho ay isang panganib sa kanyang kaligtasan o kalusugan, o sa kaligtasan o kalusugan ng iba pang manggagawa o iba pang tao.**"**

Tandaan... hindi kayo maaaring parusahan sa paggamit ng inyong karapatan na tumanggi nang walang pandaraya, at may karapatan kayo sa kaparehong mga kabayaran at benepisyo na sana ay matatanggap ninyo kung hindi naganap ang pagtanggi. Maaari rin kayong italaga nang pansamantala ng inyong pinaglilingkuran sa ibang trabaho habang isinasaayos ang kalagayan. Manatili sa inyong lugar ng trabaho sa karaniwang oras ng trabaho ninyo maliban kung pahihintulutan kayo ng inyong pinaglilingkuran na umalis.

Ano ang Mapanganib na Trabaho?

Sa pangkalahatan, ang ibig sabihin ng "mapanganib" na trabaho ay: trabahong mayroong mga panganib sa kaligtasan at kalusugan na hindi karaniwan sa sinasabing trabaho.

Ano ang mga Dapat Gawin?

Unang Hakbang

Iulat kaagad sa inyong *supervisor*, o sa sinomang ibang tao na namamahala sa lugar ng trabaho, at ibigay ang mga dahilan sa inyong pagtangging magtrabaho. Sa panahong ito, dapat subukang lutasin ng tumatangging manggagawa at ng *supervisor* ang bagay na pinag-uusapan.

Kung malutas ng pinaglilingkuran ang bagay sa inyong kagustuhan, bumalik kayo sa trabaho. Kung naniniwala pa rin kayo na mapanganib ang trabaho…

Pangalawang Hakbang

Kung hindi malutas ng *supervisor* at ng manggagawa ang tinanggihang gawain, dapat humingi ng tulong para sa pag-inspeksyon ng lugar ng trabaho mula sa *worker co-chairperson* (manggagawang tagapangulo rin) ng lupon ng kaligtasan at kalusugan, o sa isang kasapi ng lupon na kumakatawan sa mga manggagawa (o kumakatawan para sa isang manggagawa, kung walang lupon).

Kung hindi maisaayos ang mapanganib na kalagayan pagkatapos ng inspeksyon…

(Tingnan sa likod)

Ano ang mga Dapat Gawin? (karugtong)

Ikatlong Hakbang

Maaaring ipagbigay-alam ng sinoman sa mga taong naroroon sa inspeksyon sa IKALAWANG HAKBANG ang pagtangging magtrabaho at ang mga dahilan nito sa isang opisyal ng kaligtasan at kalusugan. limbestigahan ng opisyal ng kaligtasan at kalusugan ang bagay at magpapasiya siya kung ang kalagayan ng trabaho o gawain na tinanggihan ng manggagawa ay isang panganib sa kaligtasan o kalusugan ng manggagawa o sinomang iba pang manggagawa o tao sa lugar ng trabaho.

Magbibigay ang opisyal ng nakasulat na pagpapasiya sa tumatangging manggagawa, sa bawat *co-chairperson*, o sa kinatawan, at sa pinaglilingkuran. Ang sinomang tuluyang may kinalaman sa pagpapasiya ng isang opisyal ay maaaring umapela sa Direktor ng *Workplace Safety and Health Division*. Gagawa ng pagpapasiya ang Direktor tungkol sa apela at magbibigay siya ng mga nakasulat na dahilan. Maaaring apelahan sa *Manitoba Labour Board* ang pagpapasiya ng Direktor.